| PARA KAY (Pangalan at Address): | MANGUNGUMPISKANG OPISYAL (Pangalan at Address): |
|---|---|
| EMAIL: | **Tanggapan ng Sheriff ng County ng San Diego**<br>**PO Box 85306**<br>**San Diego, CA 92186-5306**<br><br>**Telepono:(619) 544-6401**<br>**Fax: (619) 236-2007** |
| PANGALAN NG HUKUMAN, DISTRITO NG HUKUMAN o SANGAY NG HUKUMAN, KUNG MAYROON MAN:<br>**San Diego County Superior Court**<br>**330 W Broadway, Rm. 225**<br>**San Diego, CA 92101** | **Numero ng Serbisyo ng Relay ng California**<br>**(800) 735-2929 TDD o 711** |
| NAGSASAKDAL:<br><br>NASASAKDAL: | NUM. NG KASO SA KORTE: |
| **Abiso sa Pagpapaalis** | NUM NG FILE NG MANGUNGUMPISKANG OPISYAL: |

Sa bisa ng Kautusan ng Hukuman sa Pagkumpiska ng Ari-arian/Real Property (pagpapalayas), na inisyu ng hukumang nasa itaas, ikaw ay inuutusang umalis sa lugar na inilalarawan sa Kautusan.

| | |
|---|---|
| **Address kung saan Pinapalayas:** | |
| **Sa bisa nito, ibinibigay ang panghuling abiso na ang pag-aari sa ari-arian ay dapat na ibigay sa may-ari ng lupa sa o bago sumapit ang:** | |

Kung hindi ka aalis sa lugar sa loob ng itinakdang oras, agad kong ipapatupad ang kautusan sa pamamagitan ng pagpapaalis sa iyo sa lugar. Ang lahat ng personal na ari-arian na nasa lugar sa oras na iyon ay ibibigay sa may-ari ng lupa, na dapat magbalik sa nasabing personal na ari-arian sa iyo kapag nabayaran mo na ang karapat-dapat na halagang nagastos ng may-ari ng lupa sa pag-iimbak ng ari-arian mula sa petsa ng pagpapalayas hanggang sa petsa ng pagbabayad. Kung ang ari-arian ay nakaimbak sa lugar na pagmamay-ari ng may-ari ng lupa, ang karapat-dapat na halaga ng pag-iimbak ay ang patas na halaga ng pagrerenta sa lugar na kailangan sa panahon ng pag-iimbak. Kung hindi mo babayaran ang mga karapat-dapat na gastos sa pag-iimbak at kung hindi mo kukunin ang ari-arian sa loob ng labinlimang (15) araw, ang iyong ari-arian ay maaaring ibenta ng may-ari ng lupa sa isang pampublikong pagbebenta at kunin mula sa kikitain sa pagbebenta ang halaga ng gastos sa pag-iimbak at sa pagbebenta (1988 CIV), o, kung ang pag-aari ay nagkakahalaga ng mas mababa sa $700.00, maaaring itapon ng may-ari ang iyong ari-arian o itabi ito para sa kanyang sariling paggamit. (715.010(b)(3), 1174 CCP)

Kung ikaw ay maghahabol ng karapatan sa pag-aari ng lugar na naipon bago ang pagsisimula ng aksyong ito, o kung ikaw ang nagmamay-ari ng lugar sa petsa ng paghahain ng aksyon at hindi ka pinangalanan sa kautusan, sagutan at ihain ang nakalakip na form ng Paghahabol sa Karapatan sa Pagmamay-ari sa tanggapang ito. Walang paghahabol sa karapatan sa pagmamay-ari ang maaaring ihain kung ang paghahabol sa karapatan ng pagmamay-ari bago ang paghahatol ay ibinigay gaya ng nakasaad sa kautusan maliban kung ang pagpapalayas ay resulta ng pagkakaremata.

**Kelly A. Martinez**
**Sheriff**

**Ni:** ______________________________

Awtorisadong Ahente ng Sheriff

**Orihinal**

(cj Ccwr:tySulte St1enif. Teieosofl. Inc

RAM